

TUE

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 28 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 AGOSTO 2003, IKA- 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY PAGLASAN,

Mga Dumalo:

Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Angeles D. Dautlata
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal Gemar C. Montesa
Konsehal King Philip B. Dimapilis

- Pansamantalang Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay
- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:



Vice Mayor Cesar T. Balicos
Konsehal Mae Arlene M. Talens

- Tagapangulo, OB Calapan City
- On Leave

KAPASYAHAN BLG. 067
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGBIBIGAY-KAPANGYARIHAN SA KAGALANG-GALANG PUNONG BAYAN JESUS M. DIMAPILIS NA PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN NG TULONG PINANSYAL SA HALAGANG ISANG DAANG LIBONG PISO (P100,000.00) SA ROXAS MARKET MULTI-PURPOSE COOPERATIVE (ROMMCO) NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- SAPAGKAT, ang pagpapaligid ng kabuhayon ay isang adhikaing isinusulong ng mga pamayanan sa pakikipag-ugnayan sa mga namumuno sa pamahalaan;
- SAPAGKAT, ang kagalingan at ikabubuti ng mga mamamayan ay isa sa mga tungkuling itinatagapag ng batas sa mga pamamahala sa ating pamahalaan kung kaya't ang mga misyalibo tungkol sa pag-unlad na itinatagapag ng mga mamamayan sa pamahalaan ay nararapat lamang na bigyan ng pansin at suportang kinakailangan;
- SAPAGKAT, sa kasalukuyan maraming asosasyon at organisasyong panlo ang aktibo sa kanilang mga gawain ayon sa mga layunin/adhikain ng kanilang samahan. karamihan ay rehistrado sa Cooperative Development Authority o sa Securities and Exchange Commission at may akreditasyon sa Pamahalaang Bayan ng Roxas;
- SAPAGKAT, karamihan sa mga akreditadong samahang ito ay nakipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan para sa tulong pinansyal sa mga proyektong isasagawa ng mga miyembro.
- SAPAGKAT, ang Roxas Market Multi-Purpose Cooperative (ROMMCO), bilang isang maliit na grupong nagnanais na makapag-ambag ng kanilang mga kasanayan at kaalaman



ay lumapit sa Pamahalaang Bayan ng Roxas para sa kaunting puhunan sa proyektong pangkabuhayan na makakatulong sa pamilya sa pang-araw-araw na pamumuhay.

SAPAGKAT, nakita ng pamunuang lokal ng bayang ito ang magandang layunin ng mga miyembro ng samahan para sa ikabubuti ng buhay-pamilya kaya't napagkasunduang ibigay ang tulong pinansyal na hinihiling;

SAPAGKAT, ang mga miyembro ng Sangguniang Bayan in pagkatapos ng masusung pag-aaral ay nagkaisang bigyang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis upang pumasok sa isang kasunduan sa Roxas Market Multi Purpose Cooperative (ROMMCO) para sa tulong pinansyal sa kanilang proyekto.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Juan S. Advincula na alinang-ayunan nina Konsehal Jovito D. Estrada at Konsehal Eduardo K. Soriano -


IPINASYA, gaya ng pagpapasiyang ito na bigyang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis upang pumasok sa isang kasunduan sa Roxas Market Multi Purpose Cooperative (ROMMCO) para sa hinihiling na tulong pinansyal sa mga proyektong pangkabuhayan ng mga miyembro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis para sa kanyang kaalaman at kinakailangang aksyon.


IPINASYA PA RIN na bigyang-sipi ang Tanggapan ng Punong Bayan, Municipal Planning and Development Office, Municipal Treasurer, Municipal Budget Officer at ang Tanggapan ng Municipal Accountant para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagubay ng lahat. 11 Agosto 2003

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan


PINATITIBAYAN:


RAMIL O. DIMAPILIS
Sangguniang Bayan-Member/
Pangamantalang Tagapangulo


PINACTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

FOT Rommco:


NIELZA DELA PEÑA
08-21-03

marz/
081203




Raid. Jg. Magallanes
08/18/03
2 PM
magallanes 8/18/03

